

3
Grade



(GCED)
**Global
Citizenship
Education**
Lesson Exemplar
MATHEMATICS

Copyright © 2021 Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding,
Philippine Normal University, and Department of Education-Philippines

All rights reserved. No part of this book may be reproduced or used in any manner without
written permission of the copyright owner except for the use of quotations in a book review.

Published by

Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding
and
Philippine Normal University
Manila, Philippines

Learning Area: Mathematics
Grade Level: 3

Title: Pagsasama-sama ng mga Numero na May 3 Hanggang 4 Digit
na Mayroong Pagpapangkat
Project: Global Citizenship Education Curriculum Development and
Integration in the Philippines

Editorial Board

Writer: Marie Antoinette I. Lopo

Layout Artist: John Ray D. Barcena

Language Editor: Jasper P. Lomtong

Content Editors: Maria Theresa P. Pelones and Allan S. Reyes

Developmental Editor: Allan S. Reyes

Associate Editors: Serafin A. Arviola Jr., Carl O. Dellomos, Zyalie L. Bedural,
Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Managing Editors: Carl O. Dellomos and Il Timothy D. Salegumba

Chief Editor: Carl O. Dellomos

Reviewers

Norlito A. Argante, Vendy Von P. Salvan, Richard C. Agustin, John Bren M. Dolor, Yolanda
M. Gonzales, Joseph Joy G. Havana, Francis Albert B. Mendoza, Jovel J. Oberio, Reynante M.
Sofera, and Jinx D. Villas

Consultants

Bert J. Tuga, Jocelyn DR Andaya, and Rita B. Ruscoe

Project Management Team

Project Director: Serafin A. Arviola Jr.

Deputy Project Director: Carl O. Dellomos

Core Team Members: Zyalie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Faculty Assistant: Iona Ofelia B. Zanoria

Technical Assistants: Il Timothy D. Salegumba and Jean Pauline E. Maur

ISBN: 979-11-87819-69-1

APCEIU Publication Number: BE-RND-2021-072

Learning Area: Mathematics

Grade Level: 3

Quarter: 1st

GCED Domain/s: Cognitive and Behavioral

GCED Indicator/s:

D1.d Analyze information from reliable and relevant sources

D2.1.e Commit to assume responsibility, mutual assistance, cooperation, and collaboration in various contexts in the world

D3.1.a Demonstrate ethical and responsible behavior for a just and sustainable society

GCED Topic/s:

T1.3 Interconnectedness of global, national, and local systems

T2.3 Diversity, Coexistence, Indigenization, and Glocal Communities

T3.1 Environment and Natural Resources

Enhanced Content Standard/s:

Respectfully demonstrates understanding of addition and subtraction of whole numbers including money in multiple representations of various contexts.

Enhanced Performance Standard/s:

Explain their reasoning respectfully and apply addition and subtraction of whole numbers including money in mathematical problems using various contexts such as physical, social, or virtual environment.

Time Allotment:

50 minutes



TABLE OF CONTENTS

Lesson Title	2
Lesson Introduction	3
Lesson Objectives (What I Need to Know/ Alamin)	3
Pretest (What I Know / Subukin)	4-5
Lesson Proper	6
Review (What's In / Balikan)	6
Activity (What's New/ Tuklasin)	7-8
Discussion (What is It / Talakayin)	9-10
Generalization (What I Have Learned/ Isaisip)	11
Reflection (Why is it meaningful and relevant /Isapuso)	12
Application (What I Can Do / Isagawa)	13
Assessment / Tayahin	14-15
Answer Key / Susi sa Pagwawasto	16
References / Sanggunian	17

PAGSASAMA-SAMA NG MGA NUMERO NA MAY 3 HANGGANG 4 NA DIGIT NA MAYROONG PAGPAPANGKAT



LESSON INTRODUCTION

Ang Barangay Masagana ay isang pamayanan na maraming punong-kahoy at halaman. Maraming magsasaka na nagtatanim at umaani ng ibat-ibang prutas, mga gulay na masustanya at nagpapalusog ng katawan.

Naisipan nilang pagsama-samahin (add) ang bilang ng kanilang ani sa isang imbakan ng mga pagkain upang mas madali sa kanila ang pagbenta sa negosyante ng gulay at prutas.

Sa paraan ng pagsasama-sama (add) nakita nila na mas madaling nakapagbibilang at hindi na kailangang isa-isahin ang produkto.



<https://www.agriculture-strategies.eu/wp-content/uploads/2018/10/abundance-agriculture-bananas-264537.jpg>

LESSON OBJECTIVE

(WHAT I NEED TO KNOW / ALAMIN)

Sa modyul na ito malalaman mo kung paano ang pagsasama ng mga bilang na may pagpapangkat. Pagkatapos ng aralin inaasahan na ikaw ay:

1. Nakapagsasama-sama ng mga bilang na may 3 hanggang 4 na digit na mayroong pagpapangkat.
2. Nakapagbabahagi sa pagbibigay ng sariling pamamaraan sa lokal, nasyonal o pandaigdigang problema sa kakulangan sa pagkain na kinabibilangan ng pagsasama-sama ng mga bilang.
3. Naipapakita ng may pananagutan at pagpapahalaga sa sektor ng pagsasaka ang mga paraan sa pagtugon sa kakulangan ng pagkain.

PRETEST

(WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)



<http://www.batangas.gov.ph/portal/pulong-agrikultura-sa-harap-ng-new-normal-isinagawa-sa-batangas-province/>

Nagkaroon ng isang pagpupulong ang samahan ng mga magsasaka sa barangay Masagana kung papaano nila maibabahagi ang kanilang sobrang aning prutas at gulay sa pamayanan na mas nangangailangan nito sa panahon ng pandemya. Nagkaisa sila na pagsama-samahin ang kani-kanilang ani upang mas madali ang pagbibilang at pamamahagi nito. Narito ang bilang ng kilo ng sobrang prutas at gulay na kanilang naani at naipagsama-sama. Mayroong 184 kilo ng sibuyas, 2 806 kilo ng kamoteng kahoy, 2 671kilo ng pinya, 242 kilo ng talong, 737 kilo ng manga, 123 kilo ng repolyo at 537 kilo ng kamote.

Ilagay sa karampatang hanay ang bawat pangalan at bilang nito.

Pangalan ng gulay	Bilang
Pangalan ng Prutas	Bilang

Sa ibat-ibang bahagi ng mundo ay mayroon ding mga magsasaka ng gulay at prutas. Narito ang ilan sa mga prutas at gulay sa ibang bansa:



<http://www.batangas.gov.ph/portal/pulong-agrikultura-sa-harap-ng-new-normal-isinagawa-sa-batangas-province/>



<https://www.tasteofhome.com/collection/pomegranate-benefits-for-health-and-beauty/>




<https://www.tasteitall.com/most-popular-root-vegetables-in-western-europe>

PRETEST

(WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)

- Kayo ba ay may alam na prutas at gulay sa ibang bahagi ng mundo?
 - Magbigay ng tiglilimang pangalan ng prutas at gulay na galing sa ibang bansa.
- Ang ating pamahalaan ay nagkakaroon ng pagbibilang at pagsasama-sama ng lahat ng aning prutas at gulay sa bawat lalawigan at rehiyon ng bansa upang malaman kung ilang tonelada ang naani ng mga magsasaka bawat taon. Nasa grap sa ibaba ang pinagsama-samang bilang ng ani ng bawat gulay at prutas sa taong 2017.

Tingnan ang grap na nasa ibaba at sagutan ang bawat tanong.



1. Ilang tonelada ng gulay ang naani?
a. 3 982 b. 3 892 c. 3 289 d. 3 298
2. Ilang tonelada ng prutas ang naani?
a. 3 480 b. 3 084 c. 3 408 d. 3 804
3. Ilang tonelada ng gulay at prutas ang naani?
a. 7 003 b. 7 030 c. 7 000 d. 7 300
4. Anu-ano kaya ang problemang kinakaharap ng mga magsasaka dito sa Pilipinas o maging sa ibang bansa sa panahon ng pandemya?
5. Sa iyong sariling pamamaraan, ano ang maaari mong maitulong upang masolusyunan ang problemang kinahaharap ng ating mga magsasaka sa panahon ngayon ?
6. Paano mo maipapakita sa mga magsasaka ang pagpapahalaga sa kanilang sipag at tiyaga upang magkaroon tayo ng tuloy-tuloy na ani ng prutas at gulay?

LESSON PROPER

REVIEW (WHAT'S IN/BALIKAN)

Balik-aralan natin ang mga sumusunod;

- Ang place value ng bilang ay kailangan natin sa pagsasama-sama ng bilang.
- Ang addends naman ay ang mga bilang na ipagsasama-sama.
- Ang sum o kabuuan ay ang sagot sa mga bilang na pinagsama-sama

Tingnan natin ang halimbawa; $121 + 78 = n$

a. Ilagay natin ito sa hanay kagaya sa ibaba;

Addends	Place Value		
	Hundreds	Tens	Ones
123	1	2	1
78		7	8
SUM	1	9	9

Ang sum nito ay 199, ito ay pagsasama (add) ng bilang na walang pagpapangkat.

Subukan Mo

Balikan ang datos ng mga naaning pananim sa grap na nasa itaas. Ilagay ito sa tamang place value.

Mga naaning pananim	Addends	Place Value			
		Thousands	Hundreds	Tens	Ones
Sibuyas					
Pinya					
Manga					
Kamoteng kahoy					
Kamote					
Talong					
repolvo					


LESSON PROPER

ACTIVITY (WHAT'S NEW/TUKLASIN)

Ang pagsasama-sama (add) ng bilang na may pagpapangkat ay magiging mas madali kapag ginamit natin ang place value.

Ang mga magsasaka ay may kritikal na papel na ginagampanan sa krisis na kinahaharap natin ngayon sa panahon ng pandemya. Sila ay nakatutulong sa pag-ampat ng kakulangan sa pagkain na inilantad ng pandemya. Ang mga katulad nila ay maari nating tawaging bayani sa ating panahon, sa pagtugon sa pangunahing pangangailangan natin—ang pagkain.

Narito sa grap ang datos ng ilan lamang sa mga aning pananim natin sa Pilipinas. Noong 2018 nagkaroon ng talaan ng toneladang ani ng mga ito.



Subukan Mo

Gamit ang grap, sagutan natin ang mga sumusunod na tanong:

- Ilan ang naaning sibuyas at kamoteng kahoy?

Balikan natin kung paano gamitin ang place value sa pagsasama-sama ng mga bilang.

LESSON PROPER

ACTIVITY (WHAT'S NEW/TUKLASIN)

<u>Naaning gulay</u> <u>at prutas</u>	<i>Thousands</i>	<i>Hundreds</i>	<i>Tens</i>	<i>Ones</i>
<u>Sibuyas</u>				
<u>Kamoteng</u> <u>kahoy</u>				

- Sa iyong sariling opinyon, anu-ano pa kaya ang mga problema na kinakaharap ng mga magsasaka sa panahong ito?

LESSON PROPER

DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

Sa unang bahagi ng modyul na ito ay pinag-usapan natin ang mga gulay at prutas na naani noong 2017 at 2018. Ngayon ating alamin kung paaano natin gagamitin ang place value ng bawat bilang upang maipagsama-sama.

Halimbawa 1

Gamitin ang datos na ginamit sa taon na 2018.

<u>Mga gulay at prutas</u>	<u>Bilang ng ani (tonelda)</u>
<u>Pinya</u>	2731
<u>Sibuyas</u>	172
<u>Manga</u>	711
<u>Kamoteng kahoy</u>	2723
<u>Kamote</u>	526
<u>Talong</u>	245
<u>repolyo</u>	121

Ilang tonelada ng manga, kamote at kamoteng kahoy ang naani noong 2018?

Sundan ang sumusunod na mga hakbang;

1. Isulat ng pakolum ang mga bilang ayon sa kanilang place value
2. Pagsamahin(add) ang ones place o sa isahan.

Pinagsama-sama natin ang $2+6+3 = 11$, dahil ang sum o kabuuan nito ay 10. Ilagay ang 0 sa ones place at i-regroup ang 1 sa tens place.

3. Sunod naman na pagsamahin ang sa tens place, pinagsama-sama natin ang $1+1+2+2 = 6$.
4. Pagsamahin naman ang sa hundreds place, pinagsama-sama natin ang $7+5+7 = 19$; ilagay ang 9 sa hundreds place at ang 1 sa thousands place.
5. Pagsamahin naman ang sa Thousands place; pinagsama natin ang $1+2 = 3$
6. Ang kabuuan naman ng tatlong addends ay 3 960.

<u>Addends</u>	<u>Thousands</u>	<u>Hundreds</u>	<u>Tens</u>	<u>Ones</u>
711		7	$1+1$	1
526		5	2	6
2723	$1+2$	7	2	3
<u>Kabuuan</u>	3	$1\ 9$	6	$1\ 0$

Nakaani ng 3 960 toneladang manga, kamote at kamoteng kahoy noong 2018.

LESSON PROPER

DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

Subukan Mo 1

Gamit ang datos sa ibaba, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gamitin ang place value upang mapagsama-sama (add) ang mga bilang.

<u>Mga gulay at prutas</u>	<u>Bilang ng ani (tonelada) (2018)</u>
<u>Pinya</u>	2731
<u>Sibuyas</u>	172
<u>Manga</u>	711
<u>Kamoteng kahoy</u>	2723
<u>Kamote</u>	526
<u>Talong</u>	245
<u>Repolvo</u>	121

1. Ilang tonelada ng prutas ang naani sa taon ng 2018?
2. Ilang tonelada naman ng gulay ang naani?
3. Ano ang maaari mong gawin upang maipakita sa mga magsasaka ng mga gulay at prutas ang iyong pasasalamat sa kanilang ginagawa para sa atin?

Subukan Mo 2

Tingnan ang talaan, at sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Ang mga inaning gulay at prutas ay hindi lahat nailagay sa imbakan. Narito sa talaan ang sobrang ani.

<u>Mga gulay at prutas</u>	<u>Sobrang ani sa imbakan (tonelada)</u>
<u>Pinya</u>	11
<u>Sibuyas</u>	2
<u>Manga</u>	12
<u>Kamoteng kahoy</u>	18
<u>Kamote</u>	13
<u>Talong</u>	10
<u>Repolvo</u>	1

1. Ilang tonelada ng aning prutas ang sobra sa imbakan?
2. Ilang tonelada ng aning gulay ang sobra sa imbakan?
3. Ilang tonelada lahat ng aning gulay at prutas ang sobra sa imbakan?
4. Kung ikaw ang magsasaka na nagmamay-ari ng mga inaning gulay at ang imbakan mo ay maliit para sa mga ani, ano ang gagawin mo sa sobrang ani upang makatulong ka sa pagpigil sa kakulangan sa pagkain sa iyong pamayanan?

LESSON PROPER

GENERALIZATION (WHAT I HAVE LEARNED/ISAISIP)

Sagutin ang mga tanong sa ibaba upang malagom ang iyong natutunan sa modyul na ito.

1. Paano natin ipagsasama-sama ang mga bilang na may pagpapangkat?
2. Ano ang kailangan ng mga magsasaka upang magkaroon tayo ng tuloy- tuloy na ani ng mga gulay at prutas?
3. Magbigay ng sariling solusyon sa mga problemang kinakaharap ng magsasaka sa ating pamayanan.
4. Bakit mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga magsasaka?

LESSON PROPER

REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT/ISAPUSO)

Sa mga nangyayari sa ating kapaligiran ngayon, ano ang kahalagahan ng mga magsasaka at paano mo sila pasasalamat sa kanilang sipag at tiyaga upang tayo ay magkaroon ng tuloy tuloy na ani at maibsan ang kakulangan sa pagkain sa ating pamayanan? Ipakita mo sa pamamagitan ng isang role play, kung paano mo maipapakita ang pagpapasalamat sa kanila.

Gamitin ang rubric sa ibaba;

<u>Kraytirya</u>	<u>Lubhang Kasiya-siya</u> (5pts)	<u>Kasiya-siya</u> (3 pts)	<u>Nalilinang</u> (2pts)
Script			
<u>Pagkakaganap ng tauhan</u>			
<u>Partisipasyon</u>			
<u>Kasuotan</u>			
Props			

LESSON PROPER

APPLICATION (WHAT I CAN DO/ISAGAWA)

I-decode ang salita sa pamamagitan ng paghanap ng sum ng mga bilang na may katumbas na titik sa ibaba.

9 691	8 728	9 573	8 502	895
-------	-------	-------	-------	-----

	657 + 238	905 1 237	3 523 4 979
SUM	(Y)	(P)	(A)
	8 447 + 446	7 688 469	4 457 436
SUM	(S)	(E)	(T)
	6 236 3 455	2 272 6 456	6 275 3 298
SUM	(G)	(U)	(L)

Ano ang iyong na-decode na salita?

Bilang isang mag-aaral, paano mo maibabahagi sa iyong pamayanan at sa buong mundo ang kahalagan ng pagtutulungan upang mabawasan ang kakulangan sa pagkain at matulungan na rin ang mga magsasaka?

ASSESSMENT

TAYAHIN

Ang mga magsasaka ay tinutulungan ng pamahalaan upang madala sa pamilihang bayan ang kanilang aning produkto at maibahagi ito sa mga nangangailangan sa ating pamayanan. Dahil sa sipag at tiyaga ng mga magsasaka sa pagtanim ng mga prutas at gulay mas marami ang naaani at naiibsan ang kakulangan sa pagkain sa ating lokalidad. Narito ang dalawang taong ani ng mga magsasaka sa ating bansa. Gamit ang talaan sagutan ang mga sumusunod na tanong:

<u>Mga gulay at prutas</u>	<u>Bilang ng ani (tonelda)</u>	
	2017	(2018)
<u>Pinya</u>	2671	2731
<u>Sibuyas</u>	184	172
<u>Manga</u>	737	711
<u>Kamoteng kahoy</u>	2806	2723
<u>Kamote</u>	537	526
<u>Talong</u>	242	245
<u>Repolyo</u>	123	121

1. Ilang toneladang kamoteng kahoy ang naani sa dalawang taon?
a. 5 529 b. 5 229 c. 5 925 d. 5 592
2. Ilang toneladang prutas ang naani sa loob ng dalawang taon?
a. 6 805 b. 6 085 c. 6 058 d. 6 850
3. Ilang toneladang bungang ugat ang naani sa loob ng dalawang taon?
a. 6 952 b. 6 259 c. 6 592 d. 6 925
4. Ano ang kahalagahan ng sektor ng pagsasaka sa ating bansa?
—
5. Gumawa ng isang islogan ng pasasalamat sa ating mga magsasaka. Sundin ang pamantayan sa pagsulat ng islogan.

ASSESSMENT

TAYAHIN

Rubric para sa Islogan

	10	7	4	1
<u>Nilalaman</u>	<u>Mabisang naipakita ang mensahe</u>	Hindi <u>gaanong naipakita ang mensahe</u>	May <u>bahagyang kaguluhan ang mensahe</u>	<u>Walang naisulat na anumang mensahe</u>
<u>Pagkamalikhain</u>	<u>Malinaw at nauunawaan ang pagkakasulat ng mga titik</u>	Hindi <u>masyadong malinaw at nauunawan ang pagkakasulat ng mga titik</u>	Hindi <u>malinaw at maunawaan ang pagkakasulat ng mga titik</u>	<u>Malabo at di maintindihan ang pagkakasulat ng mga titik</u>
<u>Kaugnayan sa paksa</u>	<u>Malaki ang kaugnayan ng islogan sa paksa</u>	Di <u>gaanong kinakitaan ng may kaugnayan sa paksa ang islogan</u>	<u>Kaunti lamang ang kaugnayan sa paksa ng islogan</u>	<u>Walang kaugnayan sa paksa ang islogan</u>
<u>Kalinisan</u>	<u>Malinis na malinis ang pagkakasulat at pagkakabuo ng islogan</u>	<u>Malinis ang pagkakasulat at pagkakabuo ng islogan</u>	Di <u>gaanong malinis ang pagkakasulat at pagkakabuo</u>	<u>Marumi ang pagkakasulat at pagkakabuo ng islogan</u>

ANSWER KEY

SUSI SA PAGWAWASTO

Pretest

<u>Pangalan ng gulay</u>	<u>Bilang</u>
<u>Sibuyas</u>	184
<u>Kamoteng kahoy</u>	2806
<u>Kamote</u>	537
<u>Talong</u>	242
<u>Repolyo</u>	123
<u>Pangalang ng Prutas</u>	<u>Bilang</u>
<u>Pinya</u>	2 671
<u>Manga</u>	737

- Iba ibang sagot

Pretest

1. B
 2. C
 3. D
- 4-6 Iba-ibang sagot

Balikan – Subukan Mo

<u>Mga naaning pananim</u>	<u>Addends</u>	<u>Place Value</u>			
		<u>Thousands</u>	<u>Hundreds</u>	<u>Tens</u>	<u>Ones</u>
<u>Sibuyas</u>	184		1	8	4
<u>Pinya</u>	2671	2	6	7	1
<u>Manga</u>	737		7	3	7
<u>Kamoteng kahoy</u>	2806	2	8	0	6
<u>Kamote</u>	537		5	3	7
<u>Talong</u>	242		2	4	2
<u>repolyo</u>	123		1	2	3

Lesson Proper – Tuklasin Subukan Mo

<u>Naaning gulay at prutas</u>	<u>Thousands</u>	<u>Hundreds</u>	<u>Tens</u>	<u>Ones</u>
<u>Sibuyas</u>		1	7	2
<u>Kamoteng kahoy</u>	2	7	2	3
	2	8	9	5

Talakayin

Subukan Mo 1

1. 3 442
2. 3 787
3. Iba-ibang sagot

Subukan Mo 2

1. 23
2. 44
3. 67
4. Iba-ibang sagot

Subukan Mo 3

Iba-ibang sagot

Pagyamanin

SAVE EARTH
Iba-ibang sagot

Isapuso

Iba-ibang sagot

Isagawa

GULAY
Iba-ibang sagot

Tayahin

1. A
2. D
3. C
- 4-5 Iba-ibang sagot

REFERENCES

SANGGUNIAN

psa.gov.ph. "Selected Statistics on Agriculture 2019." 2019.

https://akm-img-a-in.tosshub.com/indiatoday/images/story/202012/National_Mathematics_Day_2_1200x768.jpeg?s.Jw9tCYws8zZwUapokNPQ9w0o3JzQA0&-size=770:433



9 791187 819691

ISBN 979-11-87819-69-1

비매품/무료
13370

